

# Project EASE

(Effective and Alternative Secondary Education)

## ARALING PANLIPUNAN I



### MODYUL 18 ANG PILIPINAS SA PANUNUMBALIK NG DEMOKRASYA



BUREAU OF SECONDARY EDUCATION  
Department of Education  
DepEd Complex, Meralco Avenue  
Pasig City



## MODYUL 18

### ANG PILIPINAS SA PANUNUMBALIK NG DEMOKRASYA






EDSA... *Ninoy Aquino*.... *Hindi Ka Nag-iisa*.... Mga salitang naging simbolo ng pagbabalik ng demokrasya sa ating bansa. Mga katagang tunay na nakapagpabagsak ng diktadurya ni Pangulong Marcos at nakapagpalaya sa mga Pilipino sa tanikala ng batas militar. Mga katagang nagpasigla sa mga Pilipino upang muling itaguyod ang isang Republikang malaya, makatao, at makaDiyos.

Sa modyul 17, napag-alaman mo na kusang pinawalang bisa ni Pangulong Marcos ang Batas Militar. Ngunit sa katotohanan, patuloy na naging diktadurya at mapaniil ang kanyang pamahalaan at lubhang naging maimpluwensya ang puwersa ng militar.

Dito sa modyul na ito, pagtutuunan natin ang tunay na puwersang nakapagpabagsak sa diktadurya at nakapanumbalik sa demokrasyang tinatamasa natin sa ngayon.



May tatlong araling inihanda para sa iyo:

-  Aralin 1: Ang Pagbubuwis ang Buhay ni Ninoy Aquino at Pag-usbong ng Pambansang Pagkakaisa
-  Aralin 2 : Ang EDSA at ang “*People Power*”
-  Aralin 3 : Ang Pamahalaang Aquino at Panunumbalik ng Demokrasya



Pagkatapos ng mga aralin, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Mailalahad ng mga pangyayaring nagbigay daan sa panunumbalik ng demokrasya sa Pilipinas;
2. Masusuri ang naging lakas ng puwersa ng mamamayan o *people's power*;
3. Maibibigay ang kahulugan ng salitang demokrasya; at
4. Mapahahalagahan ang papel na ginampanan ni Pangulong Corazon Aquino sa pagpapanumbalik ng demokrasya sa bansa.

Nasa ika-18 modyul ka na. Sanay na sanay ka na sa mga gawain sa bawat modyul, hindi ba? Kaya't gawin mo na ang panimulang pagsusulit. Alam kong kayang kaya mo na iyan.



## PANIMULANG PAGSUSULIT

Panuto: Basahing mabuti ang mga katanungan. Pagkatapos ay pumili ka ng tamang sagot mula sa talaan sa ibaba. Isulat ang titik ng pinili mong sagot sa patlang sa bawat bilang.

- \_\_\_\_\_1. Ang kanyang pagkamatay ang nagpasulong ng isang pambansang damdamin tungo sa isang mapayapang rebolusyon.
- \_\_\_\_\_2. Nakilala siya sa buong Pilipinas at sa buong daigdig sa kanyang mapayapang pakikilaban bilang isang maybahay at isang pangulo ng bansa upang maibalik ang demokrasya sa Pilipinas.
- \_\_\_\_\_3. Ang lansangang naging simbolo ng mapayapang rebolusyon para sa demokrasya sa Pilipinas
- \_\_\_\_\_4. Huling hakbang ni Marcos upang ipakita na ang Pilipinas ay may demokrasya.
- \_\_\_\_\_5. Ang naging armas ng mga taong nagrebolusyon sa EDSA.
- \_\_\_\_\_6. Nagpasumpa kay Gng. Corazon Aquino bilang Pangulo ng Pilipinas.
- \_\_\_\_\_7. Itinawag sa naganap sa EDSA noong Pebrero 22, 1986.
- \_\_\_\_\_8. Ang islogan na nagpasulong sa “People Power.”
- \_\_\_\_\_9. Dahilan ng pagbabalik ni Ninoy Aquino sa Pilipinas.
- \_\_\_\_\_10. Ang kulay na simbolo ng “People Power.”
- \_\_\_\_\_11. Pinangalanan ang lugar na ito bilang alaala sa pagkabayani ni Ninoy Aquino.
- \_\_\_\_\_12. Tawag sa probisyonal na Konstitusyon ng bagong tatag na pamahalaang Aquino.
- \_\_\_\_\_13. Ang kalipunan ng mga pinuno na binuo upang baguhin ang Saligang-Batas ng Pilipinas sa ilalim ng pamahalaang Aquino.
- \_\_\_\_\_14. Unang demokratikong hakbang upang isangguni sa mga mamamayan ang bagong Saligang-Batas.
- \_\_\_\_\_15. Opisyal ng simbahang Katoliko na tumulong kay Gng. Corazon Aquino na manawagan sa mga tao upang magtipon sa EDSA noong Pebrero 24, 1986.

\_\_\_\_\_16. Petsa ng pagkakapaalis sa Pangulong Marcos at panunumbalik ng demokrasya sa Pilipinas.

\_\_\_\_\_17. Isa sa mga opisyal ng militar na nanguna sa mga sundalo sa pagbalikwas sa pamahalaang Marcos at naging pangulo ng Pilipinas pagkatapos ng ilang taon.

\_\_\_\_\_18. Mahalagang dokumento na nagbibigay ng kapangyarihan sa mga pamahalaang lokal sa malayang pamumuno.

\_\_\_\_\_19. Programang pang-edukasyon na isinulong ng administrasyon ni Pangulong Corazon Aquino.

\_\_\_\_\_20. Pinakamahalagang ibinunga ng EDSA Revolution at nagpabalik na muli ng mga malayang proseso o sistemang pampulitika, panlipunan at pangkabuhayan.

Mga pagpipilian:

A. Fidel V. Ramos

B. Ninoy Aquino

C. Pebrero 26, 1986

D. Plebisito

E. *Freedom Constitution*

F. CON-CON o *Constitutional Convention*

G. *Ninoy Aquino International Airport*

H. *Education for All* o Edukasyon Para sa Lahat

I. Kodigo ng Pamahalaang Lokal o *Local Government Code*

J. Demokrasya

K. Cardinal Sin

L. Corazon C. Aquino

M. *Snap Election*

N. EDSA o Epifanio Delos Santos *Highway*

O. Dilaw

P. Rekonsilyasyon o Pagkakaisa

Q. *Chief Justice* Claudio Teehankee

R. "Hindi ka nag-iisa"

S. *EDSA People's Revolution*

T. Panalangin at Pagkakaisa

## ARALIN 1

### ANG PAGBUBUWIS NG BUHAY NI NINOY AQUINO AT PAG-USBONG NG PAMBANSANG PAGKAKAISA



Sa araling ito, matutuklasan mo ang naging dahilan ng pag-usbong ng panibagong damdaming nasyonalismo noong 1986. Ito ang naging patnubay sa mga pagkilos ng sambayanang Pilipino tungo sa pagpapanumbalik ng pamahalaang demokrasya.



Inaasahang pagkatapos ng aralin, magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Matatalakay ang papel ni Ninoy Aquino sa kilusang demokratiko; at
2. Makapagbibigay ng pagpapahalaga sa kanyang pagkamatay at sa demokrasyang umusbong dahil dito.



#### Gawain 1: Pag-isipan Mo



Kilala mo ba ang nakalarawan sa salaping ito? Tama ka. Siya si Ninoy Aquino. Tanungin mo ang iyong mga magulang o ilang matatanda sa inyong lugar kung sino siya. Ano ang kanyang mga nagawa para sa Pilipinas? Ilista ang mga natuklasan mo:

## **Ang Batas Militar Bilang Panahon ng Paniniil**

Sa pag-aaral mo ng kasaysayan sa iba't ibang modyul, marami kang mahalagang natutuhan. Marahil, malinaw na sa iyo na sa likod ng mga mahahalagang pagbabago sa ating bansa ay may mga dakilang tao at pangyayari. Ang kalayaan ng mga Pilipino sa pamamahala ay naagaw sa pagdating ng mga mananakop. Pinagpunyagian ng mga bayani ng ating lahi na muli at muli itong makuha sa pagdaraan ng panahon, mula sa mga Kastila, sa mga Amerikano, at sa mga Hapon. Nang tayo'y makapagsarili at lubos na napasakamay ng mga Pilipino ang pamamahala, nagkaroon ng katiwasayan at kapanatagan ng loob ang mga mamamayan. Nakaranas tayo ng demokrasya sa ilalim ng Estado at sa pamamahala ng Pilipino mismo. Subalit sa pagdating ng panahon ng batas militar, ang demokrasyang napanalunan ay muling naagaw. Ang masakit, kapwa Pilipino din ang umagaw.

Sa panahon ng batas militar, ang liderato ng pamahalaan ay naipon sa Pangulong Marcos at sa mga taong nakapaligid sa kanya, unang-una na ang militar. Ang mga kalabang partido ay nawalan ng karapatang magbigay ng anumang puna at makilahok sa pag-ugit ng mga batas. Ang mga lider ng oposisyong partido ay isa-isang minatyagan at pinagbintangang subersibo o kalaban ng pamahalaan. Lahat ng kritiko, manggagawa man o propesyonal ay pinaghinalaang subersibo. Sila'y tinugis at ikinulong ng walang paglilitis.

Maraming manggagawa, intelektuwal, at propesyonal ang humiling ng pagbabago o kaya'y tumulong sa mga karaniwang mamamayan upang ipakipaglaban ang kanilang karapatan. Subalit marami sa kanila ang nakulong nang walang ebidensya, pinaslang ng militar, o naglahong parang bula. May mga propesyonal at intelektuwal na "ipinatapon sa ibang bansa" o inutusang lumabas ng bansa. Ang iba'y tumakas at nagkanlong sa ibang bansa upang makaiwas sa kapahamakan.

Walang karapatan sa pamamahayag noong panahon ng batas militar. Sinumang mahulihan ng mga dokumentong tumutuligsa sa pamahalaan ay nalagay sa panganib. Isinara ang mga pahayagan, radyo at telebisyon, at ang mga itinira ay ipinailalim sa pamahalaan. Gayundin, ang mga matataas na tao sa

lipunan na iginagalang sa larangan ng negosyo at serbisyong publiko ay inalisang ng karapatan sa kanilang mga negosyo at korporasyon. Naisalin ang mga kapangyarihan sa pagmamay-ari ng mga korporasyon kay Pangulong Marcos, sa kanyang mga kaanak at sa kanyang mga “cronies” o alalay at kaibigan.

### **Ang Pagbubuwis ng Buhay ni Ninoy Aquino**

Ang itinuring na pinakamabigat na puwersang maaaring magpabagsak kay Marcos sa isang malinis na halalan ay si Senador Benigno Aquino. Isa siyang matalinong pulitiko at mambabatas na naglingkod bilang isang mamamahayag at naging senador. Siya ay inaasahang mangunguna bilang kandidato ng oposisyon sa pagkapangulo kung hindi sana nagdeklara ng Batas Marsyal ang Pangulong Marcos.

Kilala bilang karibal sa Pangulong Marcos sa pwesto si Ninoy Aquino, nabigo siyang makipaglaban ng patas sa dahilang ginamit ni Pangulong Marcos ang lahat ng makinarya ng gobyerno upang mapanatili ang sarili sa puwesto. Nakulong si Ninoy, kasama ng iba pang mga kilalang lider ng demokrasya sa bansa na sina Senador Jovito Salonga at Jose Diokno. Bukod sa kanila, di mabilang ang dami ng mga lider ng oposisyon ang nakulong o nawalan ng tungkulin sa pamahalaan.

Sa maraming taong pagkabilanggo, kahit sa loob ng kulungang militar ay nagawa ni Ninoy na magpahayag ng kanyang mga plataporma para sa bayan sakaling siya ay palayain. Maraming beses niyang hinamon si Marcos na ibalik ang mga prosesong demokratiko sa bansa. Unang-una dito ang pagtawag ng pambansang halalan upang mataya kung ang mga tao ay kuntento pa o hindi na sa kanyang liderato. Hiniling niya kay Marcos ang pagpapanumbalik ng pambansang pagkakaisa sa ilalim ng kanyang panukalang “rekonsilyasyon” o pagkakaisa ng oposisyon at administrasyon, pagpapatigil ng paniniil at pagbubuwag ng batas militar. Subalit lahat ng ito’y nawalan ng saysay. Pitong taon at pitong buwang nakulong si Ninoy. Noong taong 1980, pinayagan siyang pumunta sa Amerika sa dahilang siya’y may karamdaman at doo’y

magpapagamot. Tumanggap siya ng maraming banta na maaari siyang mapahamak kung itutuloy niya ang pagbalik.

Noong Agosto 21, 1983, pagkaraan ng tatlong taong pamamalagi sa Amerika, nagpasyang umuwi si Ninoy alang-alang sa pinakamimithi niyang reskonsilyasyon sa bansa. Ang Pilipinas ay nasadlak na sa malaking pagkakautang. Nagsisilisan na ang mga mamumuhunang dayuhan sa bansa. Ang mga mamamayan ay naghihirap, at ang pamahalaan ay bulag sa mga kinakailangang pagbabago. Sa kanyang mga liham at mga isinulat bago siya lumulan ng eroplanong magdadala sa kanya sa Pilipinas, natanim sa isip ng mga Pilipino ang binitawan niyang mga salita. *“The Filipino is worth dying for.”* Ang Pilipino ay karapat-dapat pagbuwisan ng buhay.

Maraming tao ang nagpunta sa Manila International Airport o MIA. May mga dala silang dilaw na laso o kaya ay nakasuot ng damit na kulay dilaw. May mga banderang dilaw din na iwinawagayway. Sa mga plakard ay nakabandila ang malaking pangalan ni Ninoy. Sa kanyang pagbaba sa MIA, sinalubong ng militar si Ninoy Aquino sa loob ng eroplano at muling inaresto. Dinala siya sa likod ng labasan at dumiretso sa Tarmac o babaan na hindi ipinagagamit sa sibilyan. Sa Tarmac ay binaril diumano ng isang *assassin* o bayarang kriminal si Ninoy Aquino. Nagtangka diumano ang mga kasama niyang militar na iligtas siya at dahil doo’y nabaril at namatay ang taong bumaril kay Ninoy. Nagpalagay ang mga tao na walang hustisyang darating.

### **Ang Pag-usbong ng Diwa ng EDSA**

Sa pagkamatay ni Ninoy, umusbong ang diwa ng EDSA. Pinaglamayan ng bansa si Ninoy. Dinumog ang kanyang libing. Libu-libong tao ang naghatid sa kanya sa huling hantungan at nabuo ang islogang “Hindi ka nag-iisa!”

Sa mga sumunod na taon mula 1983 hanggang 1986, di mabilang na rally at martsa ang isinagawa ng iba’t ibang grupong sibiko. Pinanguhanan ng kanyang asawang si Corazon Aquino, na kilala sa tawag na Cory, ang pagrarally sa Liwasang Bonifacio, simbahan ng Santo Domingo, sa Luneta at Quirino Grandstand upang alalahanin ang iba’t ibang petsang may kinalaman kay Ninoy:



Agosto 21: Pagkamatay ni Ninoy; Setyembre 21, *National Day of Sorrow* (sa dahilang ito ang araw ng deklarasyon ng Batas Marsyal); Nobyembre 27: Kapanganakan ni Ninoy. Naging laman si Cory ng mga entablado at dininig ng mga tao ang kanyang mga panawagan. Libu-libong mamamayan mula sa iba't ibang antas ng buhay ang nagsidalò, nagsipagmartsa at di natakot sa mga militar. Kasabay ng paghiling ng hustisya para kay Ninoy, hinihiling nila ang pag-alis ni Marcos sa puwesto at pagbabalik ng demokrasya.

Hindi naniwala ang pamahalaang Marcos na ayaw na sa kanya ng mga mamamayan. Samantala'y pinapayuhan na siya ng bansang Amerika kung saan may malaking pagkakautang ang bansa na ayusin ang lumalalang gulo sa Pilipinas.

Noong buwan ng Nobyembre, 1985, nagpahayag si Pangulong Marcos na magaganap ang isang biglaan o *snap election* upang maipakita na nais pa rin ng mga Pilipino na siya ang mamuno. Inaasahan niyang sa muli niyang pagkahalal ay mahihinto na ang maraming reklamo laban siya.

Isinulong ng mga tao sa pangunguna ni G. Chino Roces, dating may-ari ng pahayagang ipinasara ni Marcos, ang kandidatura ni Cory Aquino. Nangalap siya ng isang milyong pirma upang makumbinsi si Cory na kailangan siya ng bayan. Noong unag linggo ng Pebrero 1986, isinagawa ang halahan. Nagkaroon ng malawakang pananakot ng militar, pamimili ng boto, at pagpapalit ng balota. Nagkamatayan sa pangangalaga ng balota at maraming sibilyan ang nasaktan. Pinokralama bilang siyang nanalo si Marcos at nagsimulang maghanda sa kanyang inagurasyon.

Malawakan ang mga kilos portestang sumunod sa Kalakhang Maynila at mga karatig-pook. Naglunsad si Cory Aquino at nagsimula ang "civil disobedience" o hindi pagsunod sa mga patakaran ng pamahalaan at hindi pagtangkilik sa mga produkto pinamumuhunan ng mga "cronies" ni Marcos. Nang "mag-walk-out" o umalis ang mga nagsisipagkanbas ng boto sa halalan at ideklara nilang dinaya ang mga numero sa botohan, lalong lumakas ang puwersa ng mga taong nagsipagmartsa at nagkilos protesta.



## Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Gumawa ng *timeline* ng mga pangyayaring nagpausbong ng sinasabing diwa ng EDSA. Ilagay sa kahon ang iyong *timeline*.

<u>Petsa</u>	<u>Pangyayari</u>



### Tandaan Mo!

- Si Ninoy Aquino ay isa sa mga senador ng oposisyon na nakulong sa panahon ng Batas Militar. Nagbuwis siya ng buhay alang-alang sa rekonsilyasyon sa bansang Pilipinas.
- Ang pagkamatay ni Ninoy Aquino ay ng pag-usbong ng kamalayang Pilipino upang mapanumbalik ang demokrasya.



### Gawain 3: Paglalapat

Ang dating *Manila International Airport* o MIA kung saan napatay si Ninoy Aquino ay tinatawag ngayong *Ninoy Aquino International Airport* o NAIA. Sa palagay mo ba ay karapat-dapat itong ipangalan sa kanya? Naging makabuluhan ba ang pagbubuwis ng buhay ni Ninoy Aquino? Sumulat ng dalawang talata tungkol sa mga tanong na iyan.

## ARALIN 2

### ANG EDSA AT ANG “PEOPLE POWER”



Sinabi sa Aralin 1 na umusbong and diwa ng EDSA sa pagkamatay ni Ninoy Aquino. Ano ba ang diwa ng EDSA? Sa araling ito, susulyapan natin ang mga naganap sa EDSA at aalamin kung bakit ito ay nagtagumpay.



Inaasahang pagkatapos mo ng aralin, ikaw ay:

1. Makabubuo ng pahayag hinggil sa diwa ng EDSA at ang kinahinatnan nito; at
2. Makapagawa ng pagpapahalaga sa mapayapang paraang nanaig sa EDSA.



#### Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Tunghayan mo ang mapa. Nasaan ang EDSA sa mapa? Nakarating ka na ba dyan? Ano ang alam mo tungkol sa EDSA?

INSERT MAP OF EDSA DURING THE PEOPLE POWER REVOLUTION

#### Ang Pag-aalsa ng Militar

Sa lumulubhang mga pangyayari noong panahon ng batas marsyal, nagkaroon ng diskuntento sa ranggo ng mga militar. Nagbalak ng isang *coup d’etat* o tangkang pag-agaw ng militar sa pamahalaan. Noong Pebrero 22, 1986, isinagawa ng mga military na kasangkotang plano. Ang mga rebeldeng sundalo ay pinangunahan ni Kalihim Juan Ponce Enrile ng Tanggulang Pambansa at ni Fidel V. Ramos, *Vice-Chief of Staff* ng Hukbong Sandatahan ng Bansa at

Pinuno ng Kampo Krame. Nagtipon sila sa Kampo Krame. Subalit habang sila ay naghahanda, ay napag-alaman ni Pangulong Marcos ang kanilang balak.

Nakakita ang mga mamamayan ng pag-asang mabago na ang pamahalaan. Sa dahilang maaring ikamatay ng mga sundalong rebelde ang kanilang pagbalikwas, dumagsa ang mga tao sa gitnang lansangan sa harap ng Kampo Krame upang kahit paano ay mabigyan ng proteksyon ang mga nag-aalsang sundalo. Ang lansangang ito ay ang Epifanio Delos Santos Avenue o EDSA.

Ninais ng simbahan sa pangunguna ni Cardinal Sin na maiwasan ang pagdanak ng dugo ng Pilipino kapwa Pilipino. Nanawagan din ang maybahay ni Ninoy na si Cory Aquino sa mga tao upang magsidalo sa EDSA at sama-samang manalangin tungo sa mapayapang solusyon sa nakasisindak na pangyayari.

### Ang Diwa ng EDSA



Libu-libong mamamayan ang pumunta sa EDSA. Sinalubong nila nang walang takot ang mga tangke ng militar na nasa ilalim ng *Chief of Staff* ni Marcos


na si Gen. Fabian Ver. Naghahanda ng pagsalakay sa Kampo Krame ang mga militar kung saan nagtipon ang mga sundalong rebelde. Hinihintay lamang nila ang utos ni Pangulong Marcos. Sa pamamagitan ng Radyo Veritas, Katolikong istasyon ng radyo, nakaabot sa mga tao ang mga panawagan at nakapagsagawa ng mga pagkilos ang mga rebeldeng militar at sibilyan. Nang ipaputol ni Marcos ang brodkast sa Veritas, humanap sila ng ibang istasyon ng radyo sa pangunguna ni June Keithley at naipagpatuloy ang pagkilos. Sa loob ng limang araw, nagkapit -bisig ang mga pari at madre, at mga karaniwang mamamayan upang manalangin, magbigay ng bulaklak sa mga kalabang militar, at himukin ang mga militar ng pamahalaan na ihinto ang pagsalakay.

Umabot ng apat na araw ang pagbabantay ng mga tao sa EDSA. Ang kahabaan ng EDSA ay napuno ng maraming tao. Nagdasal sila araw at gabi, nag-awitan, at ipinanalangin ang tahimik na pag-alis ni Marcos sa Malakanyang. Noong Pebrero 25, 1986, sinikap pa rin ni Marcos na siya ay mailuklok bilang Pangulo ng Pilipinas. Nanumpa siya sa harap ni Cesar Virata na noo'y Punong Ministro ng kanyang diktadurya. Samantala, nagkaroon din ng seremonya sa *Club Filipino* sa Makati. Idineklara ang isang rebolusyonaryong pamahalaan at pinanumpa si Gng. Corazon Aquino sa harap naman ni Chief Justice Claudio Teehankee, upang kung sakaling bumagsak si Marcos, ay hindi maiiwang walang pangulo ang bansa.

Lumabas sa telebisyon ang panunumpa ni Marcos, subalit hindi natapos ang seremonya at naputol ang mga linya ng radyo at telebisyon ng gobyerno. Nang mangyari ito, tuluyan nang nawalan ng kapangyarihan si Pangulong Marcos. Kinailangang magdesisyon siya kung sasalakay ang mga militar sa EDSA o lisanin niya ang Malakanyang upang maiwasan ang pagdanak ng dugo. Pinili niya ang pangalawa. Noong gabi ring iyon, siya at ang kanyang pamilya ay lumulan sa isang eroplanong naghatid sa kanya sa Hawaii, kung saan doon na siya inabot ng kamatayan.

Ang rebolusyong naganap sa EDSA ay kinilala sa buong mundo bilang halimbawa ng isang mapayapang rebolusyon na sa Pilipinas unang nasaksihan. Ang pag-aalsang naganap ay tinawag sa kasaysayan na "*EDSA people power.*"

Ang pagkakaisa at damdaming makabayan ang nagbunsod sa ganitong pag-aalsa. Ito ang diwa ng EDSA.



### Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Ilista mo ang mga taong naging mahalagang bahagi ng EDSA. Sabihin ang kanilang naging papel sa *“People’s Power Revolution”*.

Mga Tao	Naging Papel Nilang
1. _____	= _____
2. _____	= _____
3. _____	= _____
4. _____	= _____
5. _____	= _____



### Tandaan Mo!

- Ang rebolusyon sa EDSA o *“EDSA People’s Power Revolution”* ay isang mapayapang pag-aalsa ng mga mamamayan bunsod ng isang diwang nagkakaisa at nananalangin para sa mapayapang solusyon sa kaguluhan ng bansa.
- Ipinakita ng *“EDSA People’s Power Revolution”* na maaaring magkaroon ng pagbabago sa mapayapang paraan.



### Gawain 3: Paglalapat

Kung ikaw ang tatanugnin, makikilahok ka ba sa rebolusyong nagyari sa EDSA? Paanong magiging makabuluhan ang mga nangyaring kabayanihan sa EDSA? Ipaliwanag sa tatlong talata lamang ang iyong sagot.

### ARALIN 3

## ANG PAMAHALAANG AQUINO AT ANG PANUNUMBALIK NG DEMOKRASYA SA PILIPINAS



Sa pagkakatalaga kay Gng. Corazon Aquino, nanumbalik ang demokrasya sa Pilipinas. Tatalakayin sa araling ito kung paano niya pinamunuan ang lugaming bansa at paano niya isinulong ang mga patakarang demokratiko.



Pagkatapos ng aralin, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Mabibigyang kahulugan ang salitang demokrasya at ang mga prosesong nakapaloob dito; at
2. Mapahahalagahan ang mga naisulong na pagbabago sa panahon ni Pangulong Corazon Aquino.



### Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Sino ba si Cory Aquino? Maglista ng mga katangiang alam mo tungkol sa kanya. Pagkatapos ay ikumpara mo ang iyong ginawa sa mga nakasaad sa aralin.

### Ang Pamahalaang Aquino sa Panahon ng Pagbabago

Si Pangulong Corazon Aquino ang ika-7 Pangulo ng Republika ng Pilipinas at siya ring kauna-unahang babae na naging Pangulo ng bansa.

Nang makaalis ang mga Marcos, nagdiwang ang mga Pilipino. Nagsimulang manungkulan si Pangulong Aquino sa gitna ng maraming suliraning naiwanan ng tumakas na pangulo.



Itinatag ng bagong pangulong Aquino ang tinatawag na *Transitional Revolutionary Government* sa ilalim ng isang *Freedom Constitution* na binuo pagkatapos niyang manumpa. Maraming ginawang proklamasyon ang Pangulong Aquino upang mapadali ang pagbabalik ng mga prosesong demokratiko. Ang *Freedom Constitution* ay batay sa Proklamasyon Blg. 3 na nagsilbing gabay sa pamamalakad ng pamahalaan habang wala pang pormal na Saligang-Batas.

Agad ding pinalabas ni Pangulong Aquino ang Proklamasyon Blg. 9 na bumuo ng CON-CON o *Constitutional Convention* o Kumbensyong Konstitusyonal na siyang naatasang bumuo ng Saligang-Batas ng 1987. Pagkaraang mabuo ang Saligang-Batas na nabanggit, nagdaos ng isang plebisito o referendum noong Pebrero 2, 1987, kung saan sinangayunan ng mamamayan ang bagong Saligang-Batas. Nang napagtibay ang Saligang-Batas ng 1987, nagwakas ang pamahalaang rebolusyonaryo at naibalik ang mga prosesong demokratiko sa bansa.

### **Mga Pagbabago sa Pamahalaan at ang Pagsibol Muli ng Demokrasya**

Muling re-organisasyon ang pamahalaan. Una'y binuwag ang sistemang parlyamentaryo at ibinalik ang sistemang presidensyal. Muling sumigla ang mga pulitiko at nagtatag ng iba't ibang partido pulitikal. Nagsulong at pinagtibay ang isang Kodigo ng Pamahalaang Lokal o *Local Government Code* na nagpalawak ng tungkulin sa sariling pamamahala ng mga pamahalaang lokal. Ito ay upang magbigay ng kakayahan at karapatang mamuno ang mga nasa mahihirap na lugar.

Nang panahon din ng panunungkulan ni Pangulong Aquino, isinulong naman ng nagkakaisang bansa o UN ang *Education for All* o Edukasyon Para sa Lahat. Ang mga reporma sa edukasyon ay umikot sa pandaigdigang hamon na paunlarin ang batayang edukasyon sa elementarya at sekundarya gayundin, sa pagbibigay ng oportunidad sa mga hindi nakakapag-aral pamamagitan ng sistemang *non-formal* o di pormal. Naging sentro ang *Education for All* ito ng programang pang-edukasyon ng administrasyong Aquino.



Isinulong ni Pangulong Aquino ang mga usapang pangkapayapaan sa pagitan ng Communist Party of the Philippines, NPA, at MILF. Pinaimbestigahan din niya ang paglabag sa karapatang pantao noong panahon ni Marcos. Nagtalaga siya ng isang komisyon na naglayong maibalik ang mga ninakaw na yaman ng bansa noong panahon ni Pangulong Marcos.

Ibinalik niya ang sistema ng paglilitis at pagdinig ng mga usapin sa korte. Ang mga naging biktima ng mga mapang-abusong militar ay binigyan ng oportunidad upang makapagsampa ng kaso at magkamit ng hustisya.

Pinagbuti ang sistema ng kuryente, transportasyon at komunikasyon. Binuksang muli ang mga pahayagan, istasyon ng radyo at telebisyon. Unti-unting bumalik ang malayang pamamahayag.

Pinagbuti ang serbisyo at palatuntunang pangkalusugan. Pinagbuti ang komersiyo at sistema ng bangko at pagpapautang. Pinagbuti ang turismo at ipinagpatuloy ang paglinang ng sining at kultura.

Higit sa lahat, muling pinayagan ang malayang pamamahayag upang maiparating ang mga hinaing ng mga mamamayan sa pamahalaan. Sa panahon ng Pangulong Aquino, nagkaroon ng mahalagang papel ang *civil society* sa pagsusulong ng mga programa para sa mga manggagawa at mahihirap.

Hindi lahat nang nangyari ay mabulaklak sa panahon ng Pangulong Aquino. Marami ring nagnais, sa hanay ng mga militar na halinhan si Pangulong Aquino at nagsagawa ng mga *coup d'etat*. Subalit dahil nasa likod ni Pangulong Aquino ang pamahalaan, ang simbahan, at mga mamamayan, naisulong din niya ang pagpapanumbalik ng demokrasya.

Noon at magpahanggang ngayon, kinikilala bilang “Ina ng Bansa” si Pangulong Aquino at sa kanyang hudyat at hikayat, muling natitipon ang mga tao upang magkaisa sa mapayapang protesta laban sa mga tiwaling opisyal.



## Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

A. Sinasabing nanumbalik ang demokrasya sa bansa sa mga naganap na pangyayaring inilarawan sa modyul. Mula sa mga nabasa mo sa mga aralin, anu-ano ba ang katangian ng demokrasya. Ilista mo ang ilan at ipaliwanag:

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_
4. \_\_\_\_\_

B. Mula sa aralin, ilista mo ang mga ginawang pagbabago ng pamahalaang Aquino:

Pampulitika

Pangkabuhayan

Panlipunan

_____	_____	_____
_____	_____	_____
_____	_____	_____
_____	_____	_____



### Tandaan Mo!

- Ang panunumbalik ng demokrasya ang katangi-tanging nagawa ni Pangulong Corazon Aquino.
- Sa isang demokrasya, may kalayaan ang mga mamamayan sa pagpili ng kanilang mga pinuno; sa pamamahayag; sa mapayapang pagtitipon upang magprotesta; at sa pagkakamit ng mataas na kalidad ng buhay at hustisya.



### Gawain 3: Paglalapat

Ilagay mo ang iyong sarili sa kalagayan ni Pangulong Corazon Aquino. Gagawin mo rin ba ang kanyang mga ginawa kung ikaw ang pumalit kay Pangulong Marcos? Ano ang iba pang dapat niyang ginawa? Sumulat ng isa o dalawang talata.

Kung ako si Pangulong Aquino, \_\_\_\_\_

---

---

---

---

---



### MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO

- ⊕ Ang pagkamatay ni Ninoy Aquino ang nagpausbong sa diwa ng pagkakaisa upang makamit ang demokrasya.
- ⊕ Napagtagumpayan ng mga pilipin ang pagbabalik ng demokrasya sa isang mapayapa at kapuri-puring paraan
- ⊕ Sa ikapagtatagumpay ng layunin ng bansa, ang pagkakaisa ay siyang damdaming nagpapagalaw sa mga mamamayan at nagsuslong ng pagbabago sa lipunan.
- ⊕ Nararapat na isulong ang diwa ng EDSA, ang people power, at ang pagkakaisa tungo sa pambansang kaunlaran.



## PANGHULING PAGSUSULIT

Panuto: Basahing mabuti ang mga pangungusap. Suriin kung tama o mali and diwang ipinahahayag. Isulat sa patlang ang Tama, kung wasto ang pangungusap at ang Mali kung ito ay mali.

\_\_\_\_\_1. Ang pagkamatay ni Ninoy Aquino ang nagpausbong sa isang pambansang damdamin tungo sa isang mapayapang rebolusyon.

\_\_\_\_\_2. Naging madali kay Cory Aquino ang pamumuno dahil may dati na siyang karanasan sa pulitika.

\_\_\_\_\_3. Si Cory Aquino ay naging tanyag din bilang tagapagsulong ng demokrasya sa bansa.

\_\_\_\_\_4. Ang EDSA ang lansangang naging simbolo ng mapayapang rebolusyon sa Pilipinas upang mapatalsik ang diktadurya ni Pangulong Marcos.

\_\_\_\_\_5. Upang ipakita ang kanyang lakas, iniutos ni Marcos na bombahin ang mga nag-aalsang militar at ang mga mamamayang nasa EDSA noong Pebrero 24-26, 1986.

\_\_\_\_\_6. Mga bulaklak, dasal, at rosaryo ang tanging armas ng mga taong dumalo sa EDSA noong Pebrero 24-26.

\_\_\_\_\_7. Ang dahilan ng pagbabalik ni Ninoy Aquino sa Pilipinas ay upang makapiling ang kanyang pamilya.

\_\_\_\_\_8. “Hindi ka nag-iisa,” ang islogan ng *People Power Revolution* sa EDSA noong 1986.

\_\_\_\_\_9. Dilaw ang simbolo ng “*People Power*.”

\_\_\_\_\_10. “*People Power Revolution*” ang itinawag sa naganap sa Emilio Aguinaldo Highway noong Pebrero 24-26, 1986.

\_\_\_\_11. Saligang Batas ng 1987 ang tawag sa probisyunal na konstitusyon nang pinalitan ni Pangulong Cory Aquino si Marcos.

\_\_\_\_12. Bilang pagpupugay sa pagkabayani ni Ninoy Aquino, karapat-dapat lamang pangalanan ang Nino Aquino International Airport kung saan siya nagbuwi ng buhay.

\_\_\_\_13. Ang Kodigo ng Pamahalaang Lokal o "*Local Government Code*" ay dapat nating igalang sapagkat pinahahalagahan nito ang kakayahan ng mga local na opisyal na pamunuan ang kanilang pamayanan sa pamamaraang demokratiko.

\_\_\_\_14. Dahil mga militar at kaalyansa ni Pangulong Marcos ang bumalikwas noon laban sa kanya, dapat ay hindi na sila sinuportahan ng mga tao sa EDSA.

\_\_\_\_15. Kung ikaw ay nasa EDSA noong panahong naganap ang *People Power Revolution*, dapat ay hindi ka na sumali sapagkat iyon ay walang kahulugan.

\_\_\_\_16. Ang pinakamalaking naiambag ni Pangulong Aquino sa panahalaan ay ang panunumbalik ng mga prosesong demokrasya sa bansa.

\_\_\_\_17. Isinulong ni Pangulong Aquino ang isang programang pang-edukasyon na para sa mga katulad niyang mayayaman lamang.

\_\_\_\_18. Naging pang-anim na Pangulo ng Republika si Pangulong Aquino at Pangalawang babaeng humawak ng ganitong puwesto.

\_\_\_\_19. Napatunayan ng mga mamamayang Pilipino noong Pebrero 24-26, 1986 na maaaring matamo ang demokrasya sa pamamagitan lamang ng dahas.

\_\_\_\_20. Sa pamamagitan ng *EDSA People Power Revolution* nanumbalik ang demokrasya sa pinakamimithi ng mga Pilipino pagkaraan ng diktaduryang pamahalaang naranasan nila sa ilalim ni Marcos.



## GABAY SA PAGWAWASTO:

### PANIMULANG PAGSUSULIT

- |      |       |       |       |
|------|-------|-------|-------|
| 1. B | 6. Q  | 11. G | 16. C |
| 2. L | 7. S  | 12. E | 17. A |
| 3. N | 8. R  | 13. F | 18. I |
| 4. M | 9. P  | 14. D | 19. H |
| 5. T | 10. O | 15. K | 20. J |

## ARALIN 1 ANG PAGBUBUWIS NG BUHAY NI NINOY AQUINO AT PAG-USBONG NG PAMBANSANG PAGKAKAISA

### Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Maaaring matuklasan mo ang mga sumusunod:

1. Si Ninoy Aquino ang ama ni Kris Aquino.
2. Siya ay asawa ng dating Pangulong Cory Aquino.
3. Siya ang nabaril sa tarmac ng airport na kung tawagin ngayon ay Ninoy Aquino International Airport o NAIA.
4. Siya ang bayani ng "*People's Power Revolution*" sa EDSA noong 1986.
5. Siya ay mahigpit na kalaban ni Ferdinand Marcos sa pulitika., nong dekada 70.

### Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaisipan

Nagpausbong ng kaganapan sa EDSA (1986):

Petsa	Pangyayari
Agosto 21, 1983	Umuwi sa Pilipinas si Ninoy Aquino upang isulong ang rekonsilyasyon at naaril sa tarmac ng Manila International Airport.
Nobyembre, 1985	Nagpatawag ng " <i>Snap Election</i> " si Pangulong Marcos kung saan kumandidato si Cory Aquino bilang Pangulo.
Pebrero 1, 1986	Naganap ang <i>snap election</i> ; nagwagi si Cory Aquino, ngunit dinaya siya at naipahayag na si Marcos ang nagwagi.

### Gawain 3: Paglalapat

Ang iyong sagot ay depende sa iyongkuro-kuro at pananaw. Para sa karamihan karapat-dapat lang na ipangalan kay Ninoy Aquino ang NAIA. Dahil

sa kanyang pagkamatay doon ay nawala ang takot at nag-kaisa sa pagkilos ang mga mamamayang Pilipino na muling magkaroon ngdemokrasya.

## **ARALIN 2 Ang EDSA at ang “People Power”**

### **Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Ang EDSA ay dating kilala bilang Highway 54. Ito ang kauna-unahang “Highway” o mahabang lansangang nag-uugnay sa Maynila at sa Quezon City na parehong naging kabisera ng Pilipinas. Ipinangalang ito sa Patriotikong si Epifanio Delos Santos.

### **Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Mga taong naging bahagi ng EDSA

1. Juan Ponce Enrile- Dating Kalihim ng Tanggulang Pambansa noong panahon ng Batas Marsyal at nanguna sa pagbalikwas laban sa Pamahalaang Marcos noong Pebrero 24, 1986.
2. Fidel V. Ramos- *Vice Chief of Staff* ni Pangulong Marcos at kasamang nagbalikwas ni Juan Ponce Enrile.
3. Gringo Honasan- Nanguna sa “*Reform the Armed Forces Movement*” o RAM at kasama din ni Kalihim Enrile sa pagbalikwas ng militar.
4. Cory Aquino- Maybahay ni Ninoy Aquino na hinimok ng taong bayan na kumandidato bilang Pangulo. Nanawagan siya sa lahat ng mga Pilipinong makilahok sa kaganapan sa EDSA.
5. Cardinal Sin- Pinuno ng Simbahang Katoliko. Nagsilbing ispiritwal na lider noong kaganapan sa EDSA.
6. June Keithley- Brodkaster na buong tapang na nagbigay ng balita at mga panawagan sa mga mamamayan upang maging maayos ang kilos protesta sa EDSA.

### **Gawain 3: Paglalapat**

Ang iyong sagot ay batay sa iyong sariling pananaw. Ngunit sa kalahatan, magiging makabuluhan ang mga nangyaring kabayanihan sa EDSA kung patuloy ang mga taong magbabantay at magbubunyag ng katiwalian sa pamahalaan, babantayan at ipagtatanggol ang karapatang pantao, at huwag hahayaang mapalitan muli ang mga prosesong demokrasya sa Pilipinas.

## ARALIN 3 ANG PAMAHALAANG AQUINO AT ANG PANUNUMBALIK NG DEMOKRASYA SA BANSA

### Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Maaaring masabi mo na:

1. Palagi siyang nakakasama sa mapayapang *rally* sa EDSA.
2. Naging Pangulo siya ng Pilipinas at hinalinhan si Pangulong Marcos.
3. Siya ay maybahay ni Ninoy Aquino at ipinagpatuloy niya ang laban ni Ninoy.

### Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

A. Mga Katangian ng Demokrasya:

1. Nananaig ang batas at pamumuno ng mga sibilyan.
2. May malayang pamamahayag.
3. May pagdinig at proseso ng paglilitis at hustisya sa mga taong napaghihinalaang lumalabag sa batas.
4. May respeto sa mga karapatang pantao ng mga mamamayan.
5. May malayang halalan at pamumuno ng mga pamahalaang local.
6. May sistemeang pang-edukasyon, pampulitika at panlipunan na angkop sa kagalingan ng lahat ng mamamayan.

B. Mga Pagbabagong Ginawa ng Pamahalaang Aquino:

PAMPULITIKA	PANGKABUHAYAN	PANLIPUNAN
1. Ibinalik ang sistemang presidensyal.	1. Pagpapabuti ng serbisyong pangkalusugan.	1. Isinulong ang mga prinsipyo ng “edukasyon para sa Lahat.”
2. Isinulong ang kodigo ng Pamahalaang Lokal.	2. Pinagbuti ang sistema ng pagbabangko, turismo, at komersiyo.	2. Nagkaroon ng mahalagang papel ang NGOs o ang “ <i>civil society</i> ” sa pagpaparating ng serbisyo sa mga mahihirap.
3. Isinulong ang usapang pangkapayapaan sa iba’t ibang grupo ng rebelde.		



4. Ibinalik ang sistema ng paglilitis at pagdinig ng mga usapin sa korte.

3. Pinahintulatang muli ang malayang pamamahayag at binuksang muli ang mga pahayagan, istasyon nga radio at telebisyon.

### **Gawain 3: Paglalapat**

Ang iyong sagot ay batay sa sarili mong pananaw. Ipatsek sa gurong tagapamahala ang iyong isinulat.

#### **PANGHULING PAGSUSULIT:**

1. Tama
2. Mali
3. Tama
4. Tama
5. Mali
6. Tama
7. Mali
8. Tama
9. Tama
10. Mali
11. Mali
12. Tama
13. Tama
14. Mali
15. Mali
16. Tama
17. Mali
18. Mali
19. Mali
20. Tama